




Pagbabago ng batas para sa mga Dayuhang Technical Interns!

Noong Hunyo 2024, naaprobahan ng Diet ang batas sa pagpapabago ng Technical Internship Law ng mga dayuan at ito ay magiging Training and Employment / Revised Immigration Control and Refugee Recognition Act.

Ang technical intern program para sa mga dayuhan ay sinimulan noong 1993 at lumipas na ang 30 taon. Umabot na sa bilang na 412,501 ang technical trainees na nagtatrabaho sa Japan. Subalit ang technical trainee program na nilayon bilang internasyonal na kontribusyon ay ginamit upang punan ang kakulangan ng mga manggagawa sa Japan na naging sanhi ng maraming problema.

Ang mga technical trainees ay tinukoy ng Technical Internship Law bilang isang sistema na nagpapahintulot sa mga trainees na makakuha ng mga kasanayan habang nagtatrabaho sa Japan sa loob ng ~ 5 taong pananatili para sa layuning internasyonal na kontribusyon upang ilipat ang kanilang mga kasanayan sa iba pang mga rehiyon at ibang bansa. Maraming mga kaso kung saan ang mga kumpanyang tumanggap ng mga dayuhang mamamayan ay ipinilit ang mababang sahod at mahihirap na kondisyon sa pagtatrabaho sa mga mahihinang technical trainees, halimbawa: **sa pamamagitan ng hindi pagpayag sa kanila na lumipat sa ibang mga kumpanya sa loob ng tatlong taon, o sa pamamagitan ng paglalagay sa kanila sa utang dahil sila ay nagbayad ng mga bayarin sa mga ahensya upang makapagtrabaho dito sa Japan.**

"Mga Sitwasyon ng Paglabag" Ulat sa on-site na inspeksyon ng Organization for Technical Intern Training



Ang bagong pinagtibay na Training and Employment System ay isang sistema na papalit sa umiiral na Technical Internship System at nakatakdang magsimula sa taong 2027. Ang pangunahing layunin ng programa ay upang matiyak at mapaunlad ang kondisyon ng mga empleyado at mga manggagawa. Habang ang prinsipyo ng technical internship system ay ang pagpabalik sa kanilang sariling bansa matapos ang pagsasanay, ang sistema ng training and employment ay magbibigay-daan sa mga dayuhan na makapamuhay ng pangmatagalan at sama-sama sa lokal na komunidad. Pagkatapos ng 3 taon ng pagsasanay sa trabaho, magiging mas madali na maka-angat sa specified skilled worker No.1 isang tinukoy na kasanayan na nagpapahintulot sa aplikante na makapagtrabaho nang hanggang 5 taon, at gayundin ang maka-upgrade sa specified worker No. 2, na walang mga paghihigpit sa pag-renew ng katayuan ng paninirahan.

■ Ano ang mga pagbabago sa ilalim ng bagong batas ?


	Technical Internship System	Training and Employment System
Pagbabago ng trabaho	Hindi maaring magpalit ng trabaho sa loob ng tatlong taon	Pagkatapos ng 1~2 taon ng pagtatrabaho, maaari kang magpalit ng trabaho kung makakuha ng kasanayan sa wikang Hapon at lumipat sa parehong uri ng trabaho.
Pagbayad para makapagtrabaho sa Japan	Pagbayad sa mga agency upang maipadala bilang technical trainees	Tanggalin ang mga malisyosong agency at bawasan ang pasanin ng mga manggagawa sa paglililaw ng mga bayarin sa pagpapadala

Mga Festivals ng iba't ibang bansa sa Yoyogi Park

Sa Julyo:

- 6 (Sabado), 7 (Linggo) **Arabian Festival**
- 20 (Sabado) 21 (Linggo) **Brazilian Festival**
- 20 (Sabado) 21 (Linggo) **Ukraine Festival**
- 26 (Bier.) 27 (Sab.) 28 (Linggo) **Taiwan Festa**

Sa Yoyogi Park sa Shibuya, Tokyo Pagtatanghal ng mga ebento, tradisyonal na pista at mga katutubong pagkain ng iba't ibang bansa. Ito ay bukas para sa lahat. <https://www.yoyogikoen.info/>



Sa Setyembre:

- 7 (Sabado), 8 (Linggo) **China Festival**
- 28 (Sabado), 29 (Linggo) **Namaste India**



Ang pagtatanghal ng Kamifukuoka Tanabata Festival ay sa Setyembre 3~ 4 sa Fukuoka Chuo Park. Ang Nishi Kominkan Festival ay gaganapin sa Okt 8. Kasali rin ang FICEC at may palarong muli ng pinball. Inaanyayahan ang lahat sa kasayahang ito!



International Children's Club sa panahon ng summer



- Sumali sa pag-aaral ng Nihongo sa FICEC ngayong summer vacation.
- Sama-sama nating gawin ang inyong homework sa FICEC.

Sama-sama tayong mag-aral ng Nihongo!



- Ang klase ng Nihongo sa FICEC ay bukas para sa lahat! Hindi kailangang magpareserba.
- Tuwing Lunes: 10:00 - 11:30 at Huwebes: 10:00 - 11:30
 - Walang bayad